HUMANITIES DILIMAN (JULY-DECEMBER 2019) 16:2, 1-25

# Remediation at Seksuwalisasyon ng Halalan sa #RP69FanFic

**Laurence Marvin Castillo**
University of the Philippines Los Baños
**Vladimeir B. Gonzales**
University of the Philippines Diliman

## ABSTRACT

The night after the May 2016 national and local polls, the hashtag #RP69FanFic emerged at the top of the local twitter trends. The viral hashtag, which took off when film critic Philbert Dy tweeted his idea to create a "Sandro Marcos-Baste Duterte slashfic," generated over 37,000 "slashfics" or fan-generated homosexual narratives. These satirical pieces of "twitter fiction" depicted imaginary homosexual encounters involving the sons of Presidential and Vice-Presidential candidates. This paper principally approaches these twitter narratives as instances of what Michel De Certeau called "textual poaching," or the practice of appropriating and reworking textual material by citizens/ audiences/spectators as their tactical response to dominant narratives. Reading some of these twitter narratives as libidinal projections of national anxieties, this paper discusses the dynamics of national libidinal economy in #RP69FanFic by looking into the interaction between the sexualized construction of these "slashfics" celebrities in social media, and the popular affective response to the potential revival of the figure of the masculine state through the threat of dictatorial return.

*Keywords:* Duterte, fan fiction, new media, slashfic, twitter

## ANG HALALAN SA SOCIAL MEDIA

Katangi-tangi ang nagdaang pambansang halalan ng Mayo 2016 dahil sa ekstensibong pakikilahok ng sambayanang Pilipino sa diskursong elektoral sa pamamagitan ng platapormang inihain ng social media. Kung ihahambing noong pambansang halalan ng 2013 na tinatayang 30 porsiyento lamang ng populasyon ang may akses sa internet, aabot na sa kalahati ng populasyon sa bansa ang nakagagamit nito ngayon, habang halos 41 milyong Pilipino ang nagmamay-ari ng kani-kanyang Facebook account. Higit pang napalawak ang akses na ito dahil na rin sa paglaki ng merkado para sa mga murang smartphone na nagbibigay ng

pagkakataong makapaglunoy sa social media ang maraming Pilipino. Mahalagang banggitin na relatibong konsentrado ang bilang na ito sa mga nakakataas na uri sa Pilipinas, bagaman hindi rin lubusang makatotohanang sabihin na wala talagang nakakaakses sa Internet sa hanay ng mababang uri. Ang mga bundled budget promo ng mga cellular phone network, at iba pang mga murang serbisyo para sa paggamit ng limitadong Internet at social media, ay ilan sa mga pinakahuling pagtatangkang magkaroon ng pakiramdam ang masa na para sa lahat ang teknolohiyang ito.

Hindi maitatatwa ang mahalagang gampanin ng mga social networking site gaya ng Facebook, Twitter at Instagram sa pagbibigay-hugis sa pampolitikang kaligiran sa panahon ng kampanyang elektoral. Nagsisilbing lunsaran ang mga social networking site sa diseminasyon ng mga pampolitikang plataporma at imahinaryo ng mga kandidato na karaniwan ay lumilikha ng kani-kaniyang social media page upang mapaigting ang mobilisasyon ng suporta sa hanay ng mga botanteng gumagamit ng Internet. Bukod pa rito, nagsisilbing daluyan ng mga talakayang pampolitika ang social media, kung saan nagkakaroon ng higit na aktibong pakikilahok ang mga mamamayan sa bisa ng kanilang birtwal na identidad bilang mga netizen. Partikular na nabibigyan ng katuparan ang ganitong modalidad ng pampolitikang diskurso sa naka-customize na pagkakawit ng mga online na pahayagan sa mga social networking site, kung kaya sa pamamagitan lamang ng paggamit ng social media, nagkakaroon na rin ng pagkakataon ang mga netizen na maambunan ng mga balita at makilahok sa mga talakayang nagaganap sa mga comment thread ng mga link na ito. Bukod pa sa masigasig na pakikilahok ng mga netizen sa mga balita sa pamamagitan ng feedback system na inilalatag ng social media, aktibo rin ang sirkulasyon ng pampolitikang diskurso sa produksiyon ng mga online artifact na nagsisilbing lunsaran ng mga kondensadong pampolitikang naratibo gaya ng mga tweet, status, at meme.

Sa ganitong paggamit sa social media bilang lunsaran ng pampolitikang diskurso, nabigyan ng higit na malaking pagkakataon ang mga netizen na usisain maging ang mga pribadong buhay ng mga kandidato. Higit pa sa mga personal na usaping kinasasangkutan ng mga kandidato, nariyan din ang pagtutok ng pansin sa kanilang mga pamilya na karaniwang nakikilala ng publiko dahil na rin sa kanilang direktang pakikilahok sa mga kampanyang elektoral. Sa partikular, nariyan ang transpormasyon ng mga anak na lalaki ng mga kandidato sa pagkapresidente at pagkabise-presidente— sina Sebastian “Baste” Duterte (anak ni Rodrigo Roa Duterte), Paolo Gerardo “Paolo” Roxas (anak ni Manuel Roxas III), at Brian Poe (anak ni Grace Poe), at si Ferdinand Alexander “Sandro” Marcos (anak ni Ferdinand Marcos, Jr.),— mula sa pagiging mga pribadong mamamayan patungo sa pagiging mga pampublikong pigura. Luwal ng kanilang prominenteng pakikilahok sa mga aktibidad sa kampanya bilang katuwang (at minsan ay substitute) ng kanilang mga

magulang na tuwirang naglapit sa kanila sa atensiyon ng publiko, sa pamamagitan ng mga tagpi-tagping kuwento't impormasyon mula sa tradisyonal at online media, naging object din ng kolektibong pagnanasa ang mga personalidad na ito.

Higit na masisipat ang seksuwalisadong celebritification ng mga personalidad na ito sa lumitaw na twitter trend sa gabi ng halalan ng 2016. Sa kaniyang twitter account, inanunsiyo ng manunulat at kritiko ng pelikula na si Philbert Dy ang kaniyang bagong writing project: "a Sandro Marcos-Sebastian Duterte slashfic." Kalaunan, nag-trend ang proyektong ito sa pamamagitan ng hashtag na #RP69FanFic[2] at umani ng napakaraming kontribusyon mula sa mga twitter user sa porma ng mga tweet na bumubuo ng mga piksiyonal na homoerotikong naratibo o "slashfic" tungkol sa mga nabanggit na personalidad.

Nakatuon ang papel na ito sa pagsusuri sa ilan sa mga naratibong ito bilang libidinal na projection ng pampolitika at pambansang ligalig, lalo na hinggil sa maskulinisadong imahen ni Duterte at ang ugnay nito sa pigura ng diktatoryal na politika. Sisipatin dito ang naratibo sa twitter bilang isang pampanitikang pormang maituturing bilang makabagong permutasyon ng dagli. Lulundo ang pagtalakay na ito sa nosyon ng "textual poaching" at "remediation" bilang praktika ng pag-aangkop at pagpapanibagong-hubog sa mga naratibo bilang tugon ng mga mamamayan sa mga dominanteng pampolitikang naratibo. Mula rito, babasahin ang ilan sa mga homoseksuwal na naratibo sa #RP69FanFic kaugnay ng dinamiko ng pambansang ekonomiya ng libido sa pamamagitan ng partikular na pag-uugnay ng seksuwalisasyon ng mga kalahok na personalidad sa umusbong na popular na pagnanasa sa pigura ng diktador.

## ANG NARATIBO SA TWITTER AT ANG PERMUTASYON SA DAGLI

Ang pag-usisa sa mga naratibong nailuwal ng #RP69FanFic ay pag-usisa sa isang napakayamang batis ng pag-aaral at interogasyon tungkol sa pagsasalaysay. Tumatawid ang #RP69FanFic mula sa pagkukuwento gamit ang social media, patungo sa pagsasalaysay na may pagtumbok sa ideya ng "fan fiction" (kilala din bilang "fanfic," "slash" at "slashfic") at ang pagbuo ng maiikling kuwento na maaaring pumupuna o/at tumutuligsa sa mas malalaking naratibong humuhugis sa, at hinuhugis ng, pambansang kamalayan.

Nagsimula ang Twitter noong 2006 bilang isang platapormang alternatibo sa Short Messaging Service ng mga cellular network company. Sa imahinasyon ni Jack Dorsey, isa sa mga nagtaguyod ng micro-blogging site na ito, magiging daan ang Twitter upang makipagkumustahan ang mga magkakaibigan sa bawat isa sa anyo

ng maiikling status update (Carlson). Sinumang may Internet access at konektado sa kaibigang may sariling Twitter username ay maaaring makapagbasa ng mga update na hindi lalampas sa 140 titik. Makalipas ang isang taon, napasimulan ni Chris Messina ang paggamit ng octothorpe o pound/hash sign (#) sa unahan ng mga susing salita upang makapaghanay ng mga Twitter status o "tweets" na nakapaloob sa iisang paksa (Turner). Hinugot ni Messina ang paggamit ng "hashtag" mula sa chatting platform na Internet Relay Chat o IRC na nagsimula noong 1997, isang platapormang ginagamit din ni Messina noong uso pa ito (Doctor).

Sa paglipas ng mga taon, ang paggamit ng hashtag sa Twitter ay hindi na lamang nalimitahan sa paghahanay ng mga tiyak na paksa. Naging instrumento din ito sa pagpapalaganap ng Twitter followers, paglulunsad ng mga produkto at serbisyo, pagmamapa ng kasikatan o pagiging "trending" ng isang partikular na isyu o balita, at pagsusulong at pagsasapopular ng mga partikular na kampanya o proyekto katulad ng fan fiction na hindi lalampas sa 140 salita.

Nagkaroon na ng mga unang pagtatangkang maglunsad ng mga piyesang ituturing bilang kuwento gamit ang Twitter at hashtagging. Noong 18 Oktubre 2012, inanunsiyo ni Andrew Fitzgerald ng Twitter ang panawagan para sa "Twitter Fiction Festival," isang pistang magtatampok ng mga malikhaing ehersisyo sa pagkukuwento gamit ang Twitter. Ginamit bilang opisyal na hashtag ang #twitterfiction, at nagtampok ito ng mga akda mula sa mga baguhan at kilalang manunulat na ginamit ang mga Twitter update para buuin ang kanilang mga kuwento. Sa parehong buwan, naglabas din ng imbitasyon ang *The Guardian* mula sa mga popular na manunulat upang magsulat ng nobelang magkakasiya sa 140 salita. Kung binubuo ng bulto o grupo ng mga tweet ang karamihan sa mga lahok ng #twitterfiction, isang tweet naman kada isang nobela ang limitasyon ng proyektong #140novel. Ilan sa mga naging kalahok ng nasabing proyekto sina Ian Rankin at Jeffrey Archer, mga popular na manunulat sa Estados Unidos:

> I opened the door to our flat and you were standing there, cleaver raised. Somehow you'd found out about the photos. My jaw hit the floor. (Rankin)

> "It's a miracle he survived," said the doctor."It was God's will," said Mrs Schicklgruber. "What will you call him?""Adolf," she replied. (Archer)

Noong 12 Hunyo 2009, Araw ng Kalayaan, nanawagan ang Pilipinong manunulat na si Paolo Chikiamco para sa #RP612fic. Ang Twitter event na ito ay imbitasyon mula sa mga Twitter user na mag-ambag ng kanilang mga tweet na may patama sa pagbuo ng alternatibong kasaysayan ng Pilipinas. Hindi lamang teksto kundi mga larawan, animation, meme, at anumang magagamit na medium ang pinahihintulutan sa proyektong ito. May ekspektasyon ding ikakalat ng mga kalahok ang anumang

piyesang maiambag o mababasa sa kanilang mga network sa pamamagitan ng mga retweet/ share button. Kay Chikiamco, isang pagtatangkang maging mas malay sa kasaysayan ng bansa ang proyektong #RP612fic, bagaman may pagkilala ding hindi niya kontrolado ang partisipasyon ng lahat ng gumagamit sa nasabing hashtag:

> At the end of the day, #RP612Fic is a way some of us choose to celebrate June 12, in a manner that actually has some relation to history (rather than, I don't know, having a shoe sale). Personally, I love the tweets/ stories/images that are closer to what most people would recognize as alternate history—I love, for example, learning about heroes and events that I otherwise wouldn't have, because people used them in an #RP612Fic story.

Sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan noong 2016, naging trending ang #RP612fic sa Pilipinas. Pinagsanib ng mga kalahok ang kasaysayan, kulturang popular, politikal na komentaryo at iba pang nilalaman sa anyong masiste at paminsan-minsan ay may bahid ng pagkutya:






Mula sa alternatibo sa SMS patungo sa isang batis ng pagsasalaysay, mula sa isang kanluraning teknolohiya't plataporma patungo sa isang instrumentong nagagamit ng Pilipinong may akses sa Internet—ang mismong kasaysayan ng Twitter bilang social media platform, ang mismong kuwento nito ng pagpapanibagong-hubog mula sa pagiging isang networking tool patungo sa pagiging isang plataporma sa paglikha at pagbabahagi ng mga kuwento, ay nagsisilbing panimulang patunay sa transpormatibong potensiyal ng media. Ang isang anyong sa orihinal ay hindi nakaplanong maging lunsaran ng mga salaysay ay maaaring ariin at gamitin upang makabuo ng mga panibagong kuwento.

Sa kaniyang introduksiyon sa antolohiyang *Ang Dagling Tagalog: 1903-1936*, inilahad ni Rolando Tolentino ang katulad na danas ng Pilipinas sa pagbuo ng mga kuwento, partikular na ng dagli. Ang dagli, ayon sa impormasyong nakalap ni Tolentino, ay may magkakaibang kahulugan at katangian sa magkakaibang panahon (37). Maaaring kuwentong pag-aalay sa sinisinta; maaaring kuwentong pumupuna at tumutuligsa sa mga pang-araw-araw na politika, mga usaping gaya ng burukrasya, korupsiyon at pagsusugal; maaari rin namang sentimyentong makabayan, may malinaw na pagkontra sa kolonyalismong Amerikano (38). Sa magkakaibang mga nilalaman, binibigkis sila ng ilang tiyak na katangian ng anyo: na ito ay maikli, o mas maikli sa nobelang mas popular noon lalo sa mga magasin; ito ay temporal o tumutugon sa mga isyung nauuso sa partikular na panahon (41); dahil sa ilang sensitibong pagpapaksa, gumagamit minsan ang mga manunulat ng talipanpan o pen name. Sa usapin ng pagkamakasining, anyong "pasingaw" lamang ang turing sa dagli, pasingaw dahil nagpaparinig at pasingaw dahil hindi pa ganap na likhang-sining. Dagli ang kagyat na tugon sa isang napapanahong isyu o usapin, nakapakete sa maikling anyong mabilisang makokonsumo. Dagli ang hindi pa ganap na sining dahil literal na paningit lamang sa mga magasin bilang dagdag na materyal, pampuno ng kahingian sa dami ng pahina, palagiang nasa anino lamang ng mga mas popular (o kaya ay mas "makasining") na nakaseryeng nobela. At kahit sa maraming pagkakataon ngang politikal at makabayan ang sentimyento ng mga piyesa, may mga dagling nakalulusot sa publikasyon kahit may temang mapanupil sa kababaihan o kaya'y may bahid ng rasismo, partikular sa mga Tsino (38-40). Tulad ng pagbuo ng mga salaysay gamit ang Twitter, ang kasaysayan ng dagli ay lunan ng mga tunggalian at komplikasyon. May potensiyal itong maging politikal at mapagpalaya pero may mga pagkakataong pumupunta sa ibang polaridad ang pagpanig, kung hindi man nag-iiba talaga ang tinatalakay. Itinuturing ang dagli bilang pasingaw at di-ganap na anyo bagaman sinasabi rin ng ilang mga iskolar na ito ang pananda ng pagiging moderno ng pagkukuwento sa bansa.

Ang katangian ng pagiging masining na hindi, para sa lahat na hindi, ay makikita ni Tolentino sa iba pang mga kultural na teksto sa pag-usad ng kasaysayan. May mga

bakás ng dagli sa mga kultural na produktong kinokonsumo ng mga mamamayan sa isang lipunan. Sa mahahalagang yugto sa kasaysayan ng isang bansa, umuusbong ang mga anyong pumapaksa at nag-iimbestiga sa pangkalahatang pananaw ng bansa. Sa panahon ng EDSA 2 at EDSA 3, halimbawa, lumaganap sa SMS ang mga kuwentong biro tungkol kina Pangulong Joseph Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo (43). Ang mga maiikli at mabilisang piraso ng komentaryong ito ay may mga katangiang pumapasok sa paglalarawan at pagpapakahulugan sa dagli:

> ERAP to MNLF : Sumuko na kayo!
> MNLF: Di kami susuko pag di mo maispel ang CEASEFIRE.
> ERAP : s#3t! Tuloy ang giyera.
>
> In a cabinet meeting ERAP (galit na galit):
>
> "THERE HAS BEEN A LOT OF ALLEGATIONS THESE DAYS AND I WOULD LIKE TO KNOW WHO THE "ALLIGATORS' ARE"!
>
> Front cover ng Time Magazine… GMA: "THE LORD PUT ME HERE". Ang tanong:
>
> Sinong Lord:
>
> A. Jueteng Lord
> B. Smuggling Lord
> C. Drug Lord
> D. All of the above ("Erap Jokes Collection")
>
> Aba, Ginang Gloria napupuno ka ng grasya. Ang kayamanan ng tao ay sumaiyo na. Bukod kang pinagpapala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong anak na si Mikey.
>
> Santa-santitang Gloria, ina ni Lion King. Ipanalangin mo na kay Bush ang iyong mga kasalanan Ngayon at baka mamaya ay magkaisa ang bayan at paalisin ka na. Amen. (hone0401)

Ang dagli at ang mga permutasyon nito, ang mga biro-kuwentong ikinakalat sa text, mga nobelang pinagkakasiya sa maliit na espasyo ng Twitter, ang #RP612Fic at ang #—lahat ng ito ay maaaring basahin bilang pagbaklas o pagpapatibay ng pambansang naratibo. Ang bansa bilang isang kolektibong lunan ay binubuo ng mga nagtutunggaliang kuwento, na maaaring sumasang-ayon o tumutunggali sa mga namamayaning pagkilala sa pagkatao, pagkamamamayan, at pagkamakabansa. Ayon nga kay Tolentino:

> Dahil sa dagli—ang malabalita, malakomentaryo, malapanitikan na kalikasan nito—ay napapahintulutan ang manunulat at mambabasa na

> masipat ang kanilang panlipunang realidad sa panahon ng kawalang-katiyakan, at makausad, kahit sa pang-araw-araw na batayan, mula rito. (41-42)

## TEXTUAL POACHING, REMEDIATION, AT ANG PAGGAMIT AT MANIPULASYON AT NG FAN FICTION

Bukod sa pagiging Twitter fiction, nanawagan ang proyekto ni Philbert Dy sa Twitter users na magsumite ng "fan fiction," na makokonekta sa pamamagitan ng hashtag na #RP69FanFic. Hayag na ibinubukas at nililimitahan din ang mga isusumiteng piyesa sa nasabing genre, kaya naman nararapat na isiwalat din ang mga kaakibat na pananaw at kalakaran kaugnay nito.

Ang fan fiction ay kilala rin sa pinaikling tawag na "fanfic," at tinatawag ding "slash" o "slashfic." Nabuo ang pagpapangalang ito noong 1970s, mula sa mga panatikong tagasubaybay ng TV series na Star Trek. Ang terminong "slash" ay tumutukoy sa paglalagay ng stroke o slash sa pagitan ng dalawang tauhan—sa kaso ng Star Trek, ang mga bidang sina Kirk at Spock—na mangangahulugang papasok sila sa isang same-sex na relasyon. Sa umpisa, ang ideya ng relasyon sa pagitan ng dalawang lalaki, lalo't iyong may kaakibat na ugnayang seksuwal o mga kaso ng pagtatalik, ay hindi katanggap-tanggap sa maraming fan ng palabas. May ilang mga nagsuri sa ganitong direksiyon ng fanfic o slash bilang "character rape" dahil hindi nila makita na ang ugnayan ng dalawang lalaking bida sa telebisyon ay matutuldukan o aabot sa rurok ng isang relasyong seksuwal. Anuman ang naging debate, naging sapat ang popularidad ng slash para kumalat ito sa iba pang mga fandom tulad ng *Miami Vice* at *The Professionals*. Nagkaroon na rin ng mga akdang fan-written na hindi naman pumapaloob sa kategorya ng slash, bagaman kinikilala na ang slash ang isa sa mga pinakapopular na kategorya ng fan writing (Jenkins 186-190). Madalas na gumagamit ng pen name ang mga manunulat upang mapaghiwalay ang kanilang "real life" na pagkatao sa kanilang pagiging fanfic writer, isang bunga ng sensitibong pagpapaksa ng fanfic na maaaring may epekto sa kabuhayan at pag-iral ng mga manunulat. Halimbawa, sa kaso ng mga nagsusulat ng *Twilight* fanfic, nariyan ang ilang kalalakihang hindi nagugustuhan ang isinusulat ng mga babaeng asawa nila. Nariyan din ang mararahas na kritisismong inaani ng mga fan writer mula sa ibang tagahanga ng pinagbasehang pelikula, at sa ibang kaso naman, may mga manunulat na kinakailangang burahin o sirain ang kanilang naisusulat dahil hindi pabor sa same-sex na relasyon ang kanilang trabaho o relihiyon (Fontenot 225).

Bagaman may mga ugat ng negatibong reaksiyon ang slash, may ilang bumabasa rito bilang paglusaw sa hirarkiyang pinalalaganap ng kasarian, partikular ng maskulinidad. Ipinapakilala ng slash ang mas maluwag na pagkilala sa relasyon at pakikipagrelasyon, sa pagtingin sa ano ang lalaki at ano ang pagkalalaki. Sa slash, pinagbibigkis ng pakikipagkaibigan o/at pagmamahal ang anumang ugnayang seksuwal na magaganap. Ang ideolohiyang nagpausbong sa mga unang slash ay ideolohiyang nakakiling sa pagkakapantay-pantay at kalayaan, katulad ng pagpapakahulugan ng fan writer na si Joan Martin ayon sa pagkakasipi ni Henry Jenkins:

> It combines love and sensuality...It may include violence, but warmth and love transcend violence...It presents love as entailing mutual respect and possible only between equals; sex as mutually undertaken, freely chosen, fully conscious interaction... (188)

Sa ilang pag-aaral, tinitingnan ang slash bilang "female pornography." Malababae o pambabae ang pantasyang ang pakikipagtalik ay laging kaakibat ng pag-ibig, na ang pagniniig ng katawan ay pagniniig din ng mga isip. Kay Joanna Russ, ang fanfic o slash ay tugon sa malalimang pangungulila ng mga babaeng mambabasa at manunulat sa isang relasyong seksuwal na hindi isinasantabi ang ideya ng pagiging tao. Ang seksuwal at emosyonal na koneksiyong nabubuo ng slash ay nakakapagpabuo sa mga pangangailangan ng mga mambabasa nito. Pantay ang mga tauhan, parang lalaki na hindi, parang babae na hindi. May libog at may pag-ibig, may puwang para sa mga pagnanasang lumalampas sa harang ng kanilang ari. Kung magtalik man ang dalawang lalaki, hindi nawawala ang mataas na pagtingin sa kanila bilang mga tauhang lalaki, sa halip ay mas tumitindi pa sapagkat hinahaluan at tinatampukan din ng mga katangiang maikakabit sa pagiging babae. May androgynous na katangian ang karamihan sa mga nabubuong slash (191-194).

Sa tagal ng popularidad ng slash, nakatukoy na ang ilang mga nag-aral nito ng mga posibleng direksiyon o trajectory ng tipikal na kuwentong nasa ganitong genre. Halimbawa, sa isang tipikal na "first time story," o istoryang nagpapakita ng unang interaksiyon sa pakikipagtalik at relasyon ng dalawang tauhang lalaki, iminapa ni Henry Jenkins ang apat na hakbang sa pagkompleto ng kuwento: 1. Ang inisyal na ugnayan, o ang paglalatag ng mga kondisyong nakikita o napapanood sa pinaghugutang materyal, na dadagdagan ng potensiyal para sa tensiyong seksuwal o nakatagong pagnanasa; 2. Masculine Dystopia, o ang estado ng pagkilala na ang isa o parehong tauhan ay may pagnanasa sa isa pa, ngunit may pagkilala din na ang mundong ginagalawan nila ay hindi pumapabor sa ganitong mga pagnanasa; 3. Ang Kumpisal, o ang puntong hindi na matiis ng mga tauhan ang pinipigil nilang pagtatangi sa bawat isa, kaya aabot sa punto ng pagsisiwalat; 4. Ang Masculine

Utopia, o ang pagabot ng mga tauhan sa isang "physical release" sa pamamagitan ng pagtatalik, na magiging tulay para sa pagtanggap sa sarili at sa kabiyak: nagiging malaya ang mga tauhan sapagkat nalusaw na nila ang harang ng pagkalalaki at pagkababae (206216).

Bukod sa pagiging fan fiction, imbitasyon din ang #RP69FanFic para magsulat ng kuwentong gumagamit ng mga tauhang umiiral sa tunay na mundo, o ang mga anak ng mga kandidato para sa pagkapangulo nitong Halalan 2016. Dahil dito, ang slashfic na inaasahang nabuo ng mga kalahok ay *Real Person Fiction* o RPF. Halos lahat ng RPF ay slash din, bagaman may ilang mga pagpapares na nasa heteroseksuwal na domain gaya ng relasyong Robert Pattinson/ Kristen Stewart. Marami sa mga naaral nang RPF ay umiinog sa pantasyang relasyon ng mga tunay na artista versus sa kanilang tauhang ginagampanan sa mga palabas sa telebisyon at pelikula, katulad ng relasyong Jared Padalecki/Jensen Ackles mula sa seryeng *Supernatural* at Andrew Garfield/Jesse Eisenberg ng pelikulang *The Social Network.* May mga pagkakataon ding umuusbong ang mga RPF na tungkol sa mga mahalagang tauhang historikal (gaya ng #RP612Fic) at mga politiko (o mga anak nito, sa kaso ng #RP69FanFic) (V. Arrow 366-367). Isang mahalagang detalye rin sa RPF ay ang pagtinging ang ideolohiyang nakapaloob dito ay ang pag-aangat sa imahen ng pinagbasehang totoong tao. Nagsusulat ang fan ng RPF dahil sa kaniyang pagtingin, ang totoong taong pinagbasehan ay kagalang-galang, kahanga-hanga, at may mga positibong katangiang kailangang itampok at bigyan ng halaga:

> Therein lies the biggest difference between what RPF is and what detractors tend to think RPF is: the readers and writers of RPF want their work not only to be respectful of its subjects but also to find an inner truth about them, rather than sensationalize or shame them. (V. Arrow 375)

Sa mas malawak na mundo ng fanfic, maugong ang paggamit ni Henry Jenkins ng konsepto ng "poaching" ni Michel de Certeau:

> Far from being writers…readers are travellers; they move across lands belonging to someone else, like nomads poaching their way across fields they did not write, despoiling the wealth of Egypt to enjoy it themselves. (24)

Sa textual poaching, binabaklas ni Jenkins ang superyoridad ng awtor at ng iba pang may access sa paglikha ng kahulugan. Ang mga mambabasa at fan, sa dominanteng pananaw, ay mga tagatanggap na walang kapangyarihan dahil wala silang ekonomikong lakas para mag-ari ng mga palimbagan o magtayo ng sariling paaralan o estasyon ng telebisyon. Dahil dito, sa maraming pagkakataon,

kumikilos ang fan sa posisyon ng kahinaan at pagsasagilid. Alipin at pesante ang tradisyonal na fan sa kultural na ekonomiya, at ang pagkilala sa posisyong ito at ang paghahanap ng mga espasyo para sa pag-alpas ang mabisang paraan para makalaya. Sa pagsusulat ng slash sa mga zine, sinisira ng isang fan ang pagtingin na ang mga producer lamang ng TV show ang magtatakda ng kahihinatnan ng mga bida sa palabas. Sa pagkuha ng mga piling bahagi mula sa umiiral na canon ng panitikan, telebisyon, pelikula, nakahihimay at nakagagawa ng panibagong kabuuan ang fan, isang anyo ng kabuuang lampas sa dikta ng mga inisyal na tagapagluwal ng teksto (25).

Sa kaso ng RPF, kung saan mga "totoong tao" ang batis ng pagsasalaysay, may ilang pag-aaral na nagmumungkahi ng alternatibo sa analohiya ng textual poaching. Para kay V. Arrow, halimbawa, mas angkop gamitin sa RPF ang konsepto ng "remediation" ni Kayley Thomas. Sa remediation, ang fanon (o ang canon na binubuo ng fans) ay isang kabuuang kinukuha mula sa mga pira-piraso't pakalat-kalat na lunsaran ng impormasyon. Ang mga pinagbasehang "totoong tao" ay "totoong tao" base sa kung paano sila nababasa, napapakinggan, o napapanood sa iba-ibang sangay ng mainstream media. Walang canon-based na RPF, sapagkat hindi gaya ng mga mundong piksiyonal na may tiyak na season o series (TV shows, libro, pelikula), mas dinamiko at mas kalat ang daluyan ng impormasyon sa mga tunay na tao. May intensiyonal mang personang binubuo ang mga artista, mang-aawit, o anak ng politiko, maraming panlabas na puwersang nagpapalaki at humuhubog sa pagkataong naoobserbahan ng fans (371372). Ang palagiang lumalaking mga piraso ng impormasyong ito ang tinatawag na head canon, o ang malatotoong akumulasyon ng mga impormasyon na ipinaghihiwalay sa fanon (ang piksiyonalisadong mundo ng RPF) (373-374). Mula sa palagiang lumalaki at gumagalaw na head canon, tinatangka ng RPF writer na magkaroon ng isang pinagsanib na kabuuan, sa tulong ng kaniyang lumalawak ding network ng fan na may akses sa napakarami pang batis ng impormasyon, patungo sa pagsulat ng kaniyang sariling mundo at inangking mga tauhan—ang kaniyang fanon at RPF.

Mula sa mga nailatag na pananaw sa fanfic at sa RPF, interesanteng maobserbahan ang mga pagsang-ayon at paglihis ng mga kalahok sa #RP69FanFic. Ano ang posibleng rasyonal sa pagtakda ni Dy kina Baste Duterte at Sandro Marcos bilang One True Pairing o OTP ng #RP69FanFic? Sa anong mga antas lumilihis ang mga piksiyonalisadong "totoong tao" mula sa popular na pagpapakilala sa kanila ng mainstream media? Paano ginamit ang slash sa isang RPF sa kaso ng proyekto ni Dy? Ang #RP69FanFic ba ay dagli ng pag-ibig, dagli ng pagpuna o dagli ng pagiging makabayan? At sa huli, anong pambansang naratibo ba ang nais ipakilala, suportahan o/at basagin ng mga nabuong kuwento mula sa hashtag na ito?

## ANG PAMBANSANG LIBIDO SA #RP69FANFIC

Sa unang sipat, makikitang kumikilos ang mga naratibo ng #RP69FanFic bilang transgresibong rekonstitusyon ng mga pampolitikang naratibong umusbong sa halalan ng 2016. Mababakás ang transgresibong simbuyong ito sa paggamit ng moda ng seksuwalisadong pagpapatawa—isang tradisyong matatalunton din sa iba't ibang anyo ng panitikang bayan ng Pilipinas—na tuwirang tumutunggali sa konsepto at praktika ng panlipunang decorum sa pamamagitan ng pagbangga sa mga imperatibong nagtatakda ng kaseryosohan ng diskursong pampolitika, gayundin sa panuntunang moral at sosyal na naglalatag ng restriksiyon sa pagtalakay sa mga usaping seksuwal sa mga pampublikong plataporma. Mahalagang banggitin na ang seksuwalisadong katangian ng mga naratibo sa #RP69FanFic, lalo na sa mga siniping halimbawang susuriin sa bahaging ito, ay lumulundo sa katangiang pornograpiko o mas grapikong paglalarawan ng seksuwal na aktibidad, kaysa aestetisadong kategoryang erotiko.

Upang masinsinang masuri ang ilan sa mga lahok dito ito, tinututukan ng papel na ito ang isang mahalagang diskursibong yunit na umusbong sa nagdaang halalan bilang trope ng #RP69FanFic—ang kontra-decorum na maskulinisasyon ni Duterte bilang disposisyong diktatoryal. Matingkad na usapin ang decorum sa nagdaang halalan ng 2016 na nakatuon sa mga pampublikong pahayag ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kaniyang kandidatura. Sa panahon pa lamang ng kampanya, samot-saring kontrobersiya na ang kinasangkutan ni Duterte dahil sa kaniyang "kawalan ng decorum" na mababakás sa ilang mga pahayag na binanggit niya sa harap ng publiko at midya. Halimbawa, nariyan ang kaniyang notoryus na pagbibiro hinggil sa kaniyang pagkabighani sa bangkay ng dayuhang misyonerong ginahasa at napatay sa naganap na hostage crisis sa Davao noong 1989. Matapos umani ng matitinding batikos mula sa iba't ibang sektor at panig, humingi ng paumanhin si Duterte sa kaniyang "rape joke," at ipinaliwanag na ito ay "gutter language," habang binabanggit na "[t]hat is how men speak."

Makabuluhan ang artikulasyong ito ni Duterte dahil itinatampok dito ang paggamit niya sa kaniyang pagkalalaki bilang pampolitikang kapital upang umani ng popular na suporta sa kabila ng kaniyang tuwirang pagsuway sa mga etikal na kahingiang inaasahan mula sa isang opisyal ng pamahalaan. Sa bisa ng mga diskursibong yunit gaya ng maskulinisasyon ng lungsod ng Davao, ang pagbabandila niya ng karahasan bilang isang mahalagang instrumento sa pamumuno, ang paggamit niya ng agresibong pananalita sa kaniyang mga talumpati, ang kaniyang personal na buhay bilang isang lalaking nambababae, nabigyang-hugis ang maskulinidad ni Duterte bilang isang porma ng interbensiyon sa pampolitikang kaayusan ng Pilipinas.

Tuwirang binabangga ng maskulinidad na inihahapag ng imahinaryo ni Duterte ang uri ng maskulinidad (o kakapusan nito) na inihapag ng kaniyang sinundang Pangulo, si Benigno "Noynoy" Aquino III. Samot-saring pananaw na tumitibag sa pagkalalaki ni Aquino ang sumulpot mula sa popular na imahinasyon sa panahon ng kaniyang pagkaPangulo—mula sa kaniyang pagiging "walang-bayag" dahil sa kawalan ng political will sa kaniyang pamumuno at sa kaniyang kakapusang maglatag ng mahahalagang pagpapasiya, hanggang sa alegasyon ng pagiging bakla dahil na rin sa kawalan ng nobya. Kapansin-pansin dito ang paglalatag ng pampolitikang kakayahan (o kakapusan nito) ni Aquino sa diskursibong balangkas ng pagkalalaki, at maging sa kaugnay na diskurso ng decorum na malimit na maitampok bilang kaugnay ng politika ng kinaanibang bloke ni Aquino. Bukod pa rito, peminisado ang imahen ni Aquino dahil nakatuntong ito sa imahinaryo ng kaniyang inang si Corazon Aquino na tumayo bilang alternatibo sa imaheng macho na kinatawan naman ng napatalsik na diktador na si Ferdinand Marcos, Jr.

Sa popular na imahinaryo, ang tunggalian sa pagitan ng diktadura at demokrasya ay napakipot sa banggaan ng mga imahinaryong Marcos at Aquino. Sa gayon, sa kabila ng katotohanan na ilusyon ang demokrasyang inihapag ng mga administrasyon pagkatapos ng diktadurang Marcos dahil pinanatili lamang ng mga ito ang pamumuno ng uring burgesya sa lipunang Pilipino, ang kabiguan ng rehimeng Aquino na tugunan ang mga suliraning pang-ekonomiya at panlipunan sa pamamagitan ng pangako ng demokrasya ay nabigyan ng makitid ngunit popular na interpretasyon bilang kabiguang iniluwal, hindi ng kakapusan ng, kundi ng kalabisan ng demokrasya. Sa pagtakbo sa pagka-Bise Presidente ni Ferdinand "Bongbong" Marcos III, anak ng dating diktador, bitbit ang banta ng rebisyonismong pangkasaysayan at ang suporta ng malaking bilang ng mga mamamayang lulong sa gahum ng mitolohiya ng diktadurang Marcos, higit na naitampok ang diktadura bilang popular na alternatibo sa bigong "demokrasyang" ibinandila ng mga Aquino.

Matingkad sa #RP69FanFic na ito ang pagtagos ng pambansang alegoryang binibigyang-anyo ng oposisyong Marcos-Aquino at diktadura-demokrasya sa pambansang ekonomiya ng libido. Pinausbong ng "binabae" at "walang-bayag" na "demokratikong" pangulo ang popular na pagnanasang mapasailalim sa diktatoryal na kapangyarihan ng isang maskulinong lider sa pigurasyon ni Duterte na noon ay nagpahayag na rin ng matingkad na suporta sa kandidatura ng anak ng dating diktador.

Inilunsad ang #RP69FanFic sa kasagsagan ng bilangan ng mga boto sa pambansang halalan, kung kailan tumingkad ang posibleng gratipikasyon ng pagnanasa sa diktadura sa pangunguna ni Duterte sa pagka-Presidente, at sa pakikipaggitgitan ni Marcos kay Leni Robredo, kandidato ng Liberal Party na kinaaaniban ni Aquino,

sa pagka-Bise Presidente. Bagama't may pagtanggap na sa mga bakla sa ilang mga naliliwanagang espasyo—partikular na sa mga sirkulong urban at akademiko na nakasagap na ng kosmopolitanisadong diskurso ng karapatang pantaong ibinabandila ng neoliberal na kaayusan—nananatiling sa antas pa lang ng tolerance ang popular na disposisyon hinggil sa kabaklaan sa Pilipinas, kung kaya naman nananatiling isang sensitibong (dahil pribado) usapin ang paglalantad ng homoseksuwal na sarili. Sa gayon, may dalawang tendensiya ang konstruksiyon ng mga "slashfic" bilang mga imahinaryong lihim na usapan ng mga tauhan sa akto ng pagtatalik—una, transgresibo ito dahil binabasag nito ang pader sa pagitan ng publiko at pribado, at ikalawa, reaksiyonaryo ito dahil habang porma ito ng paghuhulma sa mga personalidad na kalahok sa mga naratibo bilang mga object ng kolektibong pagnanasa, nakatuntong ito sa praktika ng outing o koersibong paglalantad ng homoseksuwal na identidad na karaniwang nakatuon sa kolektibong panghihiya.

Isang mahalagang dimensiyon sa (homo)seksuwalisadong konstruksiyong ito ang imahinaryong o piksiyonalisadong pagpapaloob sa mga personalidad sa mga kategorya ng dominasyon at subordinasyong seksuwal na nakabatay sa kanilang pisikal na kaanyuan at personalidad na ipinalalaganap ng popular na media. Halimbawa, si Baste Duterte, na ipinakilala bilang bruskong binatilyong may tattoo at hikaw sa labi, ay ipinakilala bilang dominante o top sa maraming mga naratibo. Si Sandro Marcos naman, English-speaking at mukhang bata, ay hinulma bilang subordinado o bottom. Ang pagtatalaga ng posisyong ito ay isa ring ehersisyo ng kapangyarihan, dahil nakalakip, partikular na sa popular na imahinaryo, ang problematiko at kausiusisang nosyon ng dominance sa seksuwalidad sa pagiging "top" o "bottom" ng alinman sa nakikipagtalik.

Sa mga naratibo sa proyektong ito, kapansin-pansin ang pagbubuhol ng seksuwal na pagnanasa sa operasyon ng kapangyarihan, partikular na sa sadismo ng diktadurang Marcos. Sa mga sumusunod na halimbawa, ang pagnanasang sadomasokista—o ang gratipikasyong seksuwal sa porma ng pisikal na pandarahas—ay ibinuhol sa paglabag sa karapatang pantao ng mga biktima ng Batas Militar.






Kung sisipatin, masasabing maanomalya ang seksuwalisadong pagbibiro hinggil sa isang sensitibong usapin gaya ng paglabag sa karapatang pantao. Ngunit sa pagtatalaga ng akto ng pagtatalik bilang alegorikong senaryo ng paghihiganti sa pamamagitan ng pagpaparanas sa batang Marcos ng karahasang dinanas ng mga biktima sa ilalim ng Batas Militar, mababanaag ang implisitong puna nito laban sa namamayaning diskurso ng paglimot sa karahasan ng diktadurang Marcos. Lantad ang perbersiyon sa pagpaparanas na ito dahil ito ang mismong nagiging batis ng gratipikasyong seksuwal ng batang Marcos. Sa gayon, nagkakaroon ng reversal ng imahen mula sa diktador na Marcos na nagpapataw ng karahasan patungo sa submissive na batang Marcos na humihingi ng karahasan.




Sa halimbawa sa taas, higit na tuwiran ang pagtuligsa sa pagbabalik ng diktadura sa hashtag na #NeverAgain. Kinakatawan ng piksiyonalisadong senaryong ito ang pagkakaroon ng kaganapan ng anti-Marcos na pantasya ng retribusyon—ng paniningil sa, at pananagot ng mga Marcos, sa kanilang mga kasalanan sa sambayanang Pilipino. Sa ilang naratibo, tuwirang nailalatag ang panunumbat sa pamilya Marcos hinggil sa kanilang nakaw na yaman, sa pangangamkam sa kapangyarihan, sa paglulubog sa bansa sa utang at sa kawalan ng pagkilala sa kanilang mga kasalanan sa porma ng "dirty talk" ni Baste sa kaniyang katalik na si Sandro:


Sundan
*Sandro is sitting hard on Baste for about 11mins now
Baste: ur good at this.
Oh I forgot! your lolo sat for 21yrs in term.
#RP69fanfic
RETWEET 3
ANG MAY GUSTO 9
6:21 PM - May 15, 2016


Sundan
"How deep is your love?" Sandro asks, to which Basti replies, "Deeper than the debt that your lolo put the Philippines into." #RP69fanfic
RETWEET 1,220
ANG MAY GUSTO 2,639
12:03 PM - May 11, 2016
1.2K
2.6K


Sundan
Baste: Come on. Don't be shy.
Sandro: *drops pants*
Baste: Hmmm... So it's true. You have a "hidden wealth".
#RP69fanfic
582
1,487







Interesante naman ang sumusunod na halimbawa dahil sa seksuwalisadong konstruksiyon nito sa People Power.



Kapansin-pansing tinutulay ng resemantisasyong at remediation na ito ang kontemporanyong tendensiyang usisasin ang historikal na kahalagahan ng rebolusyong EDSA, lalo pa't nailantad sa mga administrasyon matapos ang diktadura—partikular na sa dalawang administrasyong Aquino—ang kahungkagan ng pagbabagong ibinandila nito. Sa seksuwalisasyong ito ng diskurso ng People Power, ipinakita ang praktikang elektoral bilang isang elite na orgiastikong aktibidad na pinaiinog ng, at tumutugon sa pagnanasa ng iilang kalahok. Nakaugnay ang ganitong pananaw sa tendensiya ng mga naratibong ilatag bilang seksuwalisadong biro ang plataporming pampolitika at mga inilalatag na naratibo ng mga kandidato. Sa kaso ni Duterte, binigyang-diin maging ang kaniyang notoryus na "rape joke," ang kaniyang elektoral pun na Du30, at maging ang kaniyang "paglilinis" sa Lungsod Davao sa pamamagitan ng kaniyang hinihinalang kaugnayan sa Davao Death Squad.






Bilang seksuwalisadong avatar ni Duterte, kumikilos ang piksiyonalisadong pigura ni Baste bilang dominanteng “top” upang magsilbing apirmasyon ng maskulinong imahen ng kaniyang ama. Sa mainstream na diskurso hinggil sa kabaklaan, malimit na ikinakabit sa pagiging “top” ang kapangyarihang maglatag ng seksuwal na kontrol at pisikal na stamina. May sumisirkulong pananaw din na ang gumaganap bilang “top” ang itinuturing bilang “mas lalaki” sa mga homoseksuwal na pares. Sa gayon, kahit homoseksuwalisado ang imahen ni Baste, may pagkawing ang mga nabanggit na halimbawa sa imahen ng pagkalalaki ni Duterte. Gayumpaman, dahil sa pinakitid ang mga pampolitikang diskursong lumaganap sa kampanya ni Duterte sa antas ng mikropolitika ng homoseksuwal na pagtatalik, mababanaag ang implisitong pagtuligsa sa maskulinong imaheng ito—isang pagtuligsang bumabaybay sa linyang tinatalunton din naman ng mga lahok na naratibo na pumupuna sa diktadurang Marcos.

## PAGLALAGOM

Limitado lamang ang mga naratibong nasaklaw ng kasalukuyang panunuri ngunit mahalagang sipatin na samot-saring naratibo pa ang iniluwal ng #RP69FanFic na nag-aangkop ng iba’t ibang diskurso at pangyayari sa halalan at naglalahok ng iba’t ibang personalidad, hindi lamang sa larangang elektoral kundi maging sa kulturang popular. Umabot na sa higit 37,000 tweet ang mga naratibong kabilang sa penomenong ito. Sa pangkalahatan, maaaring basahin sa seksuwalisadong paglalaro ng mga naratibong ito sa mga pampolitika at kultural na teksto ang pag-usisa, hindi lamang sa kredibilidad ng mga kandidato, kundi maging sa halalan bilang praktika ng demokrasya.

Bukod sa posibilidad na basahin ang trend na ito bilang seksuwalisadong tugon sa maskulinisadong politika ng diktadura na lumitaw bilang espektral na presensiya

sa pagpapalit ng rehimen, may binubuksang espasyo ng diskurso ang #RP69FanFic hinggil sa posibilidad at limitasyon ng pampolitikang pakikibaka sa social media. Sa isang banda, maaaring basahin ito bilang tuwirang tugon sa paglitaw ng mga rebisyonistang naratibo hinggil sa diktadurang Marcos na kumalat at patuloy na kumakalat sa porma ng mga meme at social media page sa Internet. Nariyan din ang pagtatangka nitong maglatag ng isang imahinaryong komunidad na may pagsinghap sa isang estadong malaya sa diktadura. Gayumpaman, hindi maaaring bigyan ng labis-labis na pampolitikang premium ang praktika ng subersiyon at interogasyon ng #RP69FanFic sa mapagbantang naratibo ng diktadura dahil bukod sa limitado ang plataporma ng social media para sa materyalisasyon at maging sa diseminasyon ng mga ideolohikal na kabig sa pampulitikang pakikibaka, may anyaya ang mga kalatkalat at pragmentaryong naratibo rito na masagpang ng fetishismo ng social media at maihulog sa bangin ng depolitisadong tekstuwalidad.

Interesanteng maitala na habang sumusunod sa ilang mga nakasanayang katangian ng slash o fanfic ang mga sinuring entry ng #RP69FanFic—pagpapares ng dalawang heteroseksuwal na tao patungo sa homoseksuwal na engkuwentro, pagbase ng materyal sa mga aktuwal na personalidad sa lipunan—may mahahalagang katangian ng ganitong anyo na hindi nasusunod—pagtatampok sa relasyong seksuwal na nakasandig sa pagmamahalan at pagkakapantay-pantay, pagtrato sa homoseksuwal na engkuwentro bilang normal at katanggap-tanggap, paggamit ng mga real-life personality upang iangat at lalo pang itampok sila bilang iniidolong mga tao. Ang mismong pagka-"fanfic" ng #RP9FanFic ay naisusuko at nababago o napapalitan sa ilang entry at pagkakataon, para maitanghal ang posibleng sentimyento ng pagkutya sa mga anak ng tumatakbong pangulo, sa proseso ng eleksiyon sa Pilipinas, o sa estado ng politika sa bansa. Ibinubukas ng pag-aaral na ito ang posibilidad para sa fanfic sa pagpapakita ng mga kaso na iniiba ng mga manunulat ng fanfic ang mga nakasanayang katangian nito, sadya man o hindi.

Sa temporalidad ng birtuwal na mundo, madaling maluma at maanod ng daloy ng samot-saring birtuwal na teksto ang pampolitikang (at maging libidinal na) atraksiyon ng trend gaya ng #RP69FanFic. Ang remediation ay may tendensiyang malusaw, at sa ilang pagkakataon ay tangkaing maagaw pa ng mismong pinagbasehan ng pagbuo ng bagong kahulugan. Halimbawa ay noong nakapanayam ng *Philippine Daily Inquirer* si Baste Duterte kaugnay ng #RP69FanFic, kung saan ibinukas niya ang kaniyang pagtanggap sa proyekto at gayundin sa nosyon ng homoseksuwalidad:


> As long as it's for fun, okay lang. And as long as they don't use it for profit.
> I think that's for the gay community, and I don't mind. (Boga)

Ang proseso ng pag-agaw ng kahulugan, ang pagbuong muli, ang pag-uulit-ulit ng ganitong proseso, ay nasasalamin noong 12 Mayo 12016, sa pag-anunsiyo si Philbert Dy sa kaniyang Twitter account na tinatapos na niya ang #RP69FanFic:




Na babawiin naman niya noong 23 Enero 2018, noong may isang netizen na nag-link sa kaniya ng mala-fan fiction na palitang nagmula sa viral na retrato ng automotive journalist na si James Deakin, kasama ang artista at Mixed Martial Arts fighter na si Brandon Vera at ang si Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr.  Naisama sa proyektong fanfic na ito ang social media influencer na si Franco Mabanta.






Isang proyektong sinumulan din ni Dy ay ang paglulunsad ng panibagong trend na higit na tuwiran at malinaw ang pampolitikang nilalaman at tunguhin—ang #RPNonFic—na nakatuon naman sa pangangalap ng mga aktuwal na naratibo ng karahasan ng Batas Militar bilang pagbangga sa kontemporanyong rebisyonismo at historical amnesia hinggil sa diktadura. Sa kasamaang palad, hindi nito naabot ang antas ng popularidad ng #RP69FanFic. Anuman ang naabot ng dalawang proyektong ito, ibinubukas ng pag-aaral sa #RP69FanFic ang posibilidad ng pagsusuri sa ideya ng fandom na imbes na itinatanghal o binibigyan ng halaga ang pinagbatayang materyal ay bumubuo ng naratibong papunta sa pag-usisa, paghimay, at pagtuligsa. Isa rin itong mayamang simulain para sa pagsusuri ng fan fiction sa danas at kamalayang Pilipino.

## TALA

Nauna nang binasa ang isang bersiyon ng papel na ito sa *Patok: Comparative and Critical Perspectives on Pinoy Pop Culture*, Ateneo de Manila University, 6-7 October 2016.

* Tumutukoy ang 69 sa isang sex position.

## SANGGUNIAN

Aloba, Sandy. "JamesFrancoBBM. A group bromance. #rp69fanfic." *Facebook*. 23 January 2018, https://www.facebook.com/sandyaloba/posts/10156052263529266. Accessed 13 February 2019.

Archer, Jeffrey, et. al. "Twitter Fiction: 21 Authors Try Their Hand at 140-Character Novels." *The Guardian*. 12 October 2012, https://www.theguardian.com/books/2012/oct/12/twitter-fiction-140-character-novels. Accessed 8 September 2016.

Arrow, V. “Real Person(a) Fiction. *Fic: Why Fanfiction is Taking Over the World*. Anne Jamison, ed. Dallas Texas, Smart Pop, 26 November 2013.

Boga, Jesse Pizarro. “Baste Duterte: Face to face with the reluctant heartthrob.” *Inquirer.net* 20 May 2016, https://lifestyle.inquirer.net/229156/baste-duterte-face-to-face-withthe-reluctant-heartthrob/. Accesed 13 February 2019.

Carlson, Nicolas. “The Real History of Twitter.” *Business Insider*. 13 April 2011, http://www.businessinsider.com/how-twitter-was-founded-2011-4. Accessed 8 September 2016.

Chikiamco, Paolo. “What is #RP612Fic (2016 Edition).” *Rocket Kapre*. 5 June 2016, http://www.rocketkapre.com/2016/what-is-rp612fic-2016-edition/. Accessed 8 September 2016.

Doctor, Vanessa. “Hashtag History: When and What Started It?” *Hashtags.org*. 30 May 2013, https://www.hashtags.org/featured/hashtag-history-when-and-what-started-it/. Accessed 8 September 2016.

“Erap Jokes Collection.” *Boy Banat*. March 2014, http://www.boybanat.com/2014/03/erapjokes-collection.html. Accessed 8 September 2016.

Fitzgerald, Andrew. “Announcing the Twitter Fiction Festival.” *Twitter*. 18 October 2012, https://blog.twitter.com/2012/announcing-the-twitter-fiction-festival. Accessed 8 September 2016.

Fontenot, Jolie. “Twilights True Believers.” *Fic: Why Fanfiction is Taking Over the World*. Anne Jamison, ed. Dallas Texas, Smart Pop, 26 November 2013.

hone0401. “Kung May Erap Jokes, May Gloria Jokes Rin Kami.” *Pinoy Exchange*. 1 July 2005, http://www.pinoyexchange.com/forums/showthread.php?t=218754. Accessed 8 September 2016.

Jenkins, Henry. *Textual Poachers: Television Fans and Participatory Culture*. Routledge, 1992.

Tolentino, Rolando, and Aristotle Atienza, ed. *Ang Dagling Tagalog: 1903-1906*. Ateneo de Manila University, 2007.

Turner, Julia. “#InPraiseoftheHashtag.” *The New York Times Magazine*. 2 November 2012, http://www.nytimes.com/2012/11/04/magazine/in-praise-of-the-hashtaghtml?_r=1. Accessed 8 September 2016.

## MGA TWEET:

abetforsenator. "Sandro lied naked beside Baste's coldness. Colder than the block of ice where truth was forced out of the innocents #RP69FanFic #NeverAgain." *Twitter,* 12 May 2016, 3:02 a.m., https://twitter.com/abetforsenator/status/730473088316407809.

Amphigong. "'How deep is your love?' Sandro asks, to which Basti replies, 'Deeper than the debt that your lolo put the Philippines into.' #RP69fanfic." *Twitter,* 11 May 2016, 12:03 p.m., https://twitter.com/Amphigong/status/730247005256060928.

carmellekath. "Basilio:omg! 200 missed calls from mama Crispin:Lagot! #RP612fic." *Twitter,* 12 Hun 2016, 4:14 p.m., https://twitter.com/carmellekath/status/741906537837264896.

Dad4twink. "#RP69fanfic Sandro: I want it rough. Abuse me. Baste: How rough? Sandro: Abuse me like my lolo's Martial Law victims." *Twitter,* 14 May 2016, 12:23 p.m., https://twitter.com/Dad4twink_/status/731339002599505920.

dancabangon. "'What do you call this position?' Sandro asked with amazement. 'The Davao Death Squat' said Baste." *Twitter*, 11 May 2016, 12:01 a.m., https://twitter.com/dancabangon/status/730065249202671616.

DAtherealRYL. "'Bakit nyo ako gina-gang bang?' Ask Sandro to baste, luis, paolo and brian 'Its not gangbang. Its people power,' all in chorus. #RP69fanfic." *Twitter,* 12 May 2016, 5:39 p.m., https://twitter.com/DAtherealRYL/status/730693820661 174272.

jason_without_y. "Baste: Come on. Don't be shy. Sandro: *drops pants* Baste: Hmmm… So it's true. You have a 'hidden wealth'. #RP69fanfic." *Twitter,* 11 May 2016, 6:49 a.m., https://twitter.com/jason_without_y/status/730168019859607553.

jlsawal_. "Francisco Balagtas: Then vs. Now #RP612fic" *Twitter,* 12 Hun. 2016, 1:18 p.m., https://twitter.com/jlsawal_/status/741862120174714881.

jiangenovana. "Sandro: 'We've been doing this position for hours already.' Baste quietly whispered: 'Wait lang, change is coming.' #RP69fanfic." *Twitter*, 11 May 2016, 10:16 a.m., https://twitter.com/jiangenovana/status/730220066722078721.

mister_angst. "@philbertdy i don't know if you can check this out on FB but i remember the time when you started something like this before: https://www.facebook.com/ sandyaloba/posts/10156052263529266…." *Twitter,* 23 January 2018, 5:10 p.m., https://twitter.com/mister_angst/status/955986169849823232.

nickelc_. "Sandro: Baste, ano ang nauna? Itlog o manok? Baste: itlog? Rody: Mali! Mayor dapat ang mauna! #RP69fanfic." *Twitter,* 12 May 2016, 9:01 a.m., https://twitter.com/ nickelc_/status/730563480034496514

philbertdy. "I have no authority to do this, but I am declaring the end of #RP69fanfic. It did its job, and nothing is ever funny for that long." *Twitter*, 12 May 2016, 7:48 a.m., https://twitter.com/philbertdy/status/730545169032974336.

---. "#rp69fanfic lives." *Twitter,* 23 January 2018, 6:01 p.m., https://twitter.com/ philbertdy/status/955999042118406145.

rielgutierrez. "Baste: So how do you want it tonight? Sandro: Like how my granpa did. Iron fist! Baste: *grins widely* #RP69fanfic." *Twitter,* 11 May 2016, 9:59 p.m., https://twitter.com/rielgutierrez/status/730396911698501632.

SebsBigBlackD. "Sandro: Baby, when will we come out? Seb: When your family comes clean. #RP69fanfic." *Twitter,* 12 May 2016, 1:53 a.m., https://twitter. com/SebsBigBlackD/ status/730455880395673601.

SebsBigBlackD. "Sandro: How many times can you come? Baste: I can Du30 times #RP69fanfic." *Twitter,* 11 May 2016, 8:53 p.m., https://twitter.com/ SebsBigBlackD/ status/730380272831602688

zeusmariusceph. "*Sandro is sitting hard on Baste for about 11mins now Baste: ur good at this. Oh I forgot! your lolo sat for 21yrs in term. #RP69fanfic." *Twitter,* 15 May 2016, 6:21 p.m., https://twitter.com/zeusmariusceph/ status/731791666063933440.

---

Si **Laurence Marvin Castillo** <lmcastillo07@gmail.com> ay Assistant Professor sa Department of Humanities, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtuturo siya ng mga kurso sa panitikan at kritisismo. Kasapi siya ng All-UP Academic Employees Union at Alliance of Concerned Teachers.

Si **Vladimeir B. Gonzales** <vbgonzales@up.edu.ph> ay Assistant Professor sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kung saan siya nagtuturo ng malikhaing pagsulat, panitikan at kulturang popular. Makikita ang kaniyang mga sulatin at larawan sa kanyang Website na vladgonzales.net.